SANDAG

# Update sa SANDAG Titulo VI na Programa

Talaan ng Katotohanan

## Pinagmulan

Ang Titulo VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964 ay nagbabawal sa diskriminasyon na batay sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan sa mga programa at aktibidad na tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal. Sa pagkilala na ang mababang-kita na mga purok at komunidad ng mga taong may kulay ay hindi pantay-pantay na hinaharap ang mga paghihirap sa kapaligiran, ang Ehekutibong Utos 12898 ay nagmamandato sa isang pangakong tugunan ang hustisyang pangkapaligiran para sa mga taong may kulay at mababang-kita na populasyon, at ang Ehekutibong Utos 13166 ay nag-uutos sa mga tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal na magbigay ng makahulugang akses sa mga taong may limitadong kahusayan sa wikang Ingles.

Bilang isang tagatanggap ng pederal na pondo, dapat na tiyakin ng SANDAG na ang lahat ng mga serbisyo, akses sa mga serbisyo, at kakayahang makilahok sa mga proseso ng pagpaplano ay patas na naipapamahagi at naibibigay nang walang pagsasaalang sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan. Noong 2012, ang Federal Transit Administration (FTA) ay naglabas ng isang Sirkular upang tulungan ang mga ahensya na sumunod sa mga mandatong ito. Inatasan ang SANDAG na magsumite ng programa sa FTA kada tatlong taon upang ipakita ang pagsunod sa patnubay ng FTA Titulo VI at mga regulasyon ng Kagawaran ng Transportasyon ng U.S.

Alinsunod sa mandatong ito, noong Hulyo 23, 2021, pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng SANDAG ang Resolusyon Bilang 2022-01, na inaaprubahan ang SANDAG 2021 Titulo VI na Programa.

## Mahahalagang Elemento

Ang SANDAG 2021 Titulo VI na Programa ay isang buod ng mga aktibidad na nauugnay sa pagplano sa nakalipas na tatlong taon. Isa rin itong mahalagang kasangkapan para tulungan ang mga kawani ng SANDAG sa pagsasagawa ng lahat ng aktibidad sa hindi nagdidiskriminang paraan patungo sa hinaharap. Ang Programa ay napapangunahan ng parehong pederal na mga karapatang sibil at mga mandato ng hustisyang pangkapaligiran, at ang Pangako ng Lupon sa Pagkamakatao na naghahangad na isama ang pagkakapantay-pantay sa lahat ng mga aspekto ng trabaho ng ahensya. Ang programa ay naglalaman ng mga napapanahong nagsasalaysay na deskripsyon ng mga proseso at pamamaraan, impormasyon, at mga talahanayan at mapa, na ginagamit ng SANDAG upang matiyak ang hindi nagdidiskriminang paggamit at pagbagtas ng pederal na tulong pinansyal. Ito ay nilalayon na maging isang nababasa, napapakinabangan, at buhay na dokumento.

Ang mga mahahalagang haylayt ng Programa ay kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa:

» Mga aktibidad sa pagplano ng pangrehiyong transportasyon sa oras ng pag-uulat, at iba pang mga pangunahing proyekto at plano

» Mga proseso at analisis ng panlipunang pagkakapantay-pantay na isinasagawa sa oras ng Programa

» Mga oportunidad para sa makabuluhang pakikipag-ugnayang pampubliko sa mga populasyong protektado ng Titulo VI, kabilang ang mga taong may kulay at mababang-kita na populasyon

» Tulong sa at pagsusubaybay sa mga kasunod na tagatanggap (subrecipients) upang suportahan ang kanilang pagsunod sa mga regulasyon ng Titulo VI, kabilang ang mga pagsusumikap na makapagbigay ng tulong sa mga potensyal na kasunod na tagatanggap (subrecipients)

» Mga aktibidad ng tulong sa wika upang matiyak na ang mga taong may limitadong kahusayan sa wikang Ingles ay nagagawang maakses at makilahok sa mga aktibidad ng pagpaplano

» Mga detalye ng Titulo VI na tulong na ibinibigay ng SANDAG sa dalawang ahensya ng pagbiyahe sa rehiyon, ang North County Transit District, at Metropolitan Transit System.

## Para sa dagdag pang impormasyon

Para mag-download ng isang kopya ng SANDAG 2021 Titulo VI na Programa o para sa dagdag pang impormasyon, bisitahin ang SANDAG.org/CivilRights

Free Language Assistance | Ayuda gratuita con el idioma | Libreng Tulong sa Wika | Hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí
免費語言協助 | 免费语言协助 | مساعدة ترجمة مجانية | 무료 언어 지원 | کمک زبان رایگان | 無料の言語支援 | Бесплатная языковая помощь
Assistência linguística gratuita | मुफ़्त भाषा सहायता | Assistance linguistique gratuite | ជំនួយភាសាឥតគិតថ្លៃ
ఉచిత భాషా సహాయం | ການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາຟຣີ | Kaalmada Luqadda ee Bilaashka ah | Безкоштовна мовна допомога
**sandag.org/LanguageAssistance | (619) 699-1900**

**SANDAG.org**

SANDAGregion SANDAG SANDAGregion SANDAGregion SANDAG

Setyembre 2022
7079